

MGA MADALAS ITANONG - IMPORMASYON TUNGKOL NG PAKIKIPAG-UGNAY NG MGA MANGGAGAWA

Filipino

BACKGROUND NA IMPORMASYON

Bakit ko kailangang i-update ang aking mga detalye sa pakikipag-ugnay?

Ang pag-update ng iyong mga detalye sa pakikipag-ugnay ay magpapadali para sa iyo kapag na-upgrade na namin ang aming mga sistema sa mga darating na buwan. Ang pagkakaroon ng iyong kasalukuyang mga detalye sa pakikipag-ugnay ay magpapahintulot sa amin na magpadala sa iyo ng iyong mga pahayag (statements) at gawing mas madali para sa iyo na manatiling napapanahon (updated) sa iyong mga karapatan sa serbisyo at magsumite ng isang paghahabol (claim).

Ano ang mga mangyayaring pagbabago?

Pinapahusay namin ang aming mga sistemang online upang gawing mas maayos at mas mabilis ang proseso ng pag-claim para sa mahabang serbisyo (long service). Magkakaroon ng mas maraming pagpipilian na self-service at isang personal na dashboard upang makita ang iyong mga statement.

Paano ko malalaman ang higit pa?

Ibibigay ang higit pang impormasyon habang papalapit na tayo sa petsa ng paglulunsad. Abangan ang karagdagang impormasyon sa aming website.

MAG-REHISTRO, MAG-LOGIN AT MAG-UPDATE NG MGA DETALYE NG PAKIKIPAG-UGNAY

Anong mga detalye ang kailangan kong i-update?

Mangyaring i-update ang iyong email address, numero ng pakikipag-ugnay at address sa koreo. Tiyaking isasama mo ang iyong sariling natatanging email address, at hindi ang ginagamit ng iyong kompanya o isang kapamilya.

Bakit kailangan ko ng sarili kong natatanging email address? Bakit hindi ko puwedeng gamitin ang email address ng aking kompanya o isang kapamilya?

Ang iyong natatanging email address ang iyong magiging user ID kapag lumipat na kami sa bagong sistema. Gagawin nitong mas madali para sa iyo na manatiling updated sa iyong mga karapatan sa serbisyo at magsumite ng isang claim. Maipapadala namin sa iyo ang iyong mga statement at pananatilihin kang updated.

Ano ang mangyayari kung wala akong email address?

Kailangan mo ng isang email address upang mag-log in sa bagong system. Inirerekomenda namin na lumikha ka ng isang email address para sa iyong sarili.

Ano ang mangyayari kung hindi ko na-update ang aking mga detalye?

Kung wala kaming kasalukuyang mga detalye mo sa pakikipag-ugnay, hindi namin maipapadala sa iyo ang iyong taunang mga statement. Gayundin, kung walang email address hindi ka makakapag-log in sa bagong sistema.



MGA SERBISYO NG INTERPRETER

Kung kailangan mo ng interpreter, tawagan ang **TIS National** sa **13 14 50** at hilingin sa kanilang tawagan ang **Long Service Corporation** sa **13 14 41** o para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang: www.tisnational.gov.au



MGA MADALAS ITANONG - IMPORMASYON TUNGKOL NG PAKIKIPAG-UGNAY NG MGA MANGGAGAWA

Paano ko maa-update ang aking mga detalye sa pakikipag-ugnay?

I-update ang iyong mga detalye sa pakikipag-ugnay sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang sa ibaba:

- Pumunta sa aming **Online Services (mga Serbisyon Online)** sa www.longservice.nsw.gov.au/online-portal
- Sa ilalim ng pamagat na Contract Cleaning Industry, piliin ang link na **Worker Login (Pag-log in ng Manggagawa)**
- Mag-login gamit ang iyong email o ID ng empleyado at password
- Pumunta sa **Update Details (mga Detalye ng Pag-update)**
- Repasuhin/i-update ang iyong mga detalye ng pakikipag-ugnay kasama ang mobile number, email address at address sa koreo at piliin ang **Save**.

Paano ako magrehistro para sa online access?

Kung hindi ka pa nagrehistro para sa online access, mangyaring sundin ang mga hakbang sa ibaba:

- Pumunta sa aming **Online Services (mga Serbisyon Online)** sa www.longservice.nsw.gov.au/online-portal
- Sa ilalim ng pamagat na Contract Cleaning Industry, piliin ang link ng **Worker Login in (Pag-login ng Manggagawa)**
- Sa ilalim **Register for Online Access (Pagrehistro para sa Online Access)** piliin ang **Click here (Mag-click dito)** upang magrehistro
- I-enter ang iyong numero sa pagrehistro, pangalan, petsa ng kapanganakan at piliin ang **Next (Susunod)**
- Kumpletuhin ang iyong pagrehistro sa pamamagitan ng pag-enter ng iyong email address at isang password.

Ano ang kailangan ko sa pagrehistro para sa online access?

Kailangan mo ng iyong numero ng pagrehistro bilang manggagawa ng CCI. Maaari itong matagpuan sa pakete ng manggagawa na iyong natanggap mula sa amin. O kaya naman, maaari mo ring makuha ang iyong numero ng pagrehistro ng manggagawa mula sa iyong tagapag-empleyo o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa amin.

MAKIPAG-UGNAY SA AMIN

Kanino ako dapat makipag-ugnay kung mayroon akong mga katanungan?

Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnay sa amin sa 13 14 41 o info@longservice.nsw.gov.au